

1

“Hey, ano ’yan, ha?”

Kaagad na ibinalik ni Lena sa kanyang backpack ang hawak na envelop. Tumayo siya mula sa kinauupuang couch sa magara at spacious main lobby ng *Asian Development Bank* sa Ortigas. May limang minuto na rin siyang naghihintay.

Risk management specialist si Lewis sa naturang financial institution habang siya naman ay corporate communications officer sa isang malaking BPO company na nasa kalapit na building lang. Sa loob ng mahigit tatlong taon simula nang lumipat at naging magkapitbahay sila sa isang mid-rise residential complex sa Diliman ay naging routine na nilang magsabay sa pagpasok at pag-uwi mula sa opisina. Every week ay salitan sila kung sino ang magda-drive, and this week, it’s Lewis’ turn.

Saktong alas cinco natatapos ang office hours ni Lena habang five thirty naman ang uwian ni Lewis. Matalik na kaibigan niya ang binata na una niyang nakilala sa graduate school halos anim na taon na ang nagdaan.

Wala halos naniniwala sa tuwing ipapakilala niyang best friend ang lalaki. Dati ay hindi maintindihan ng dalaga kung bakit sa tingin ng karamihan ay hindi puwedeng maging magkaibigan lang ang isang babae at isang lalaki, until she woke up one day realizing she had fallen deeply, madly in love with her gorgeous best friend.

“Hay naku, Lena. Hindi yata ako masasanay sa tuwing natutulala ka nang ganyan sa akin,” kunwa ay naiiling na sabi ni Lewis, sabay pisil sa baba niya. “I know I look good, but could you try not to look at me as if you wanted to take my clothes off? Nako-conscious ako,” ngisi nito. Iginiya siya nito palabas ng gusali patungo sa parking area.

Sinimangutan ito ni Lena. “Ikaw talaga, grabe kung mag-ambisyon. You do realize goddesses like me don’t fall for mere mortals like you, right?” Tinaasan niya ito ng kilay.

Napahalakhak ito. “Even goddesses fall, don’t you know?”

“Not this one, Lewis. And not for you,” kunwa ay seryoso at naaawa pa ritong pahayag niya, na lalong nagpatawa sa binata.

People in love were supposed to feel good and

giddy with happiness, hindi stressed at problemadong gaya ni Lena. Sa nakalipas na mga taon simula nang matuklasan niya ang nararamdaman para sa kanyang kaibigan, at habang tila lalo iyong tumitindi ay pinahirapan na siya niyon. Kailangan ay lagi siyang mag-ingat; hindi dapat malaman ni Lewis ang tungkol doon at baka masira pa ang pagkakaibigan nila.

Ngunit lalo lang tumindi ang damdamin niya para sa lalaki. Kaya naman masakit at mahirap man ay ipinangako niya sa sariling uumpisahan na niyang kalimutan ang nararamdaman para sa kaibigan.

Sisimulan niya iyon sa paglayo. Surely, they could still be friends even if she was far away.

Ang sinisilip niya kanina sa envelop ay ang visa na natanggap niya sa opisina. She was set to leave in three or four months' time.

At walang kaalam-alam doon ang kanyang kaibigan.

"I have something to tell you," narinig niyang sabi ni Lewis habang palapit sila sa sasakyan nito.

Tiningnan ito ng dalaga. Nangingislap ang mga mata nito at mukhang excited. "Yeah? Let me guess, na-promote ka na naman? Ikaw na ba ang presidente ng *ADB*?" Sa loob kasi ng limang taong pagtatrabaho

nito sa *ADB* ay apat na beses na itong na-promote.

Natawa ito bago ginulo ang buhok niya. “Nope. But I did apply for a promotion.” Isinara nito ang pinto ng passenger side nang makasakay siya sa SUV nito. Umikot ito at lumulan sa driver side. “May ginawa kasi ako about a month ago na hindi ko sinabi agad sa iyo dahil naghintay muna ako ng resulta,” patuloy ng binata.

“And it’s something I never thought I’d ever do. Pero gaya nga ng lagi mong sinasabi, hindi ko basta dapat pinapakawalan ang mga naging parte na ng buhay ko at nagpasaya sa akin,” dagdag nito. Palabas na ng parking slot ang sasakyan.

Kinabahan siya. “What is it? Did you... did you email Eugene?” Si Eugene ay ang first love nito, na hindi na niya nakilala at nakita lamang sa mga litrato. Halos isang dekada na itong nakabase sa Scotland.

Gulat na sumulyap ito sa kanya. “Hell, no! At hindi ko alam ang email address niya.” Napailing si Lewis.

“Eh, ano nga? Niyaya mo uli for a date si Sharleen?” tanong pa niya. Si Sharleen naman ay kapitbahay nila sa *Brighton*, ang residential complex kung saan sila nakatira. Matagal na itong crush ni

Lewis at malaki rin ang pagkakahawig kay Eugene.

He pursed his lips. “Basted nga ako sa kanya, di ba?”

Kinagat ni Lena ang kanyang dila upang huwag mapangiti. Ilang beses ding lumabas dati sina Lewis at Sharleen, and the latter eventually told him they’re better off as friends. Sinabi sa kanya ng babae na ayaw nitong ma-involve kay Lewis dahil halata naman di-umano nitong eventually ay magiging sila rin ng best friend niya at ayaw nitong manggulo.

Yeah, right. “What is it then?” Sa wakas ay sumuko na siya sa panghuhula.

Humarap sa kanya si Lewis. Pansamantala ay nakahinto sila dahil red light. “I sent an audition video for *Rock Royalty*. I got an email earlier telling me to go to the final screening at the *Newport Theatre*.”

Napamulagat ang dalaga. “Seriously?” Hindi niya iyon inasahan. She always encouraged Lewis to still pursue his music even if it only caused him pain, disappointment and heartbreak years ago. Kinulit din niya itong sumali sa talent search na *Rock Royalty*. Magaling itong musikero, singer at songwriter. He had breath-taking good looks, too.

“Seriously. Hindi ka ba natutuwa?” Bahagyang

nangunot ang noo nito.

“Natutuwa, syempre. Pero...” Nakagat niya ang labi at nag-iwas ng tingin. This only means she can’t just carry out her plans to try and spend less time with him in the coming months before she leaves the country. Ni hindi pa nga niya alam kung paanong unti-unting bibitaw sa routine nila.

Gusto niya kasing unti-unti ay masanay na wala ito sa tabi niya.

“Lena?” untag ng binata.

Huminga siya nang malalim bago muling tumingin sa kaibigan na tutok na ang mga mata sa daan, ngunit halata namang naghihintay ng sagot niya. “Sorry, naghihintay ako ng punchline, eh. So it is real, huh! Susubok talagang maging rock royalty ang best friend ko.”

Napailing ito. “I can’t imagine being in showbiz, either. Wala naman sigurong masama kung sumubok.” Humarap ito sa kanya. “And you are going with me to the final auditions this Saturday, hmm?” Pinisil nito ang braso niya.

Napatango na lang si Lena bilang tugon.

“Ang gagaling nila. Parang kulelat naman ako dito.”

Napaangat ang isang balikat ni Lena nang sa pagbulong ni Lewis ay sinadya nitong itapat ang bibig sa ibaba ng kanyang tainga. Alam kasi nitong malakas ang kiliti niya roon at gaya ng inaasahan ay narinig niya ang mahinang pagtawa nito sa reaksyon niya.

Habang nakatutok pa rin ang tingin sa stage ay itinulak niya ang mukha nito palayo. “Fishing for compliments, Mr. Ricafort?”

“Isn’t that your job, being my best friend, Miss Javier?”

Sabado ng hapon at nasa *Newport Theatre* sila para sa final auditions ng *Rock Royalty*. Dalawampu’t lima ang maglalaban-laban para sa sampung slots, na sa loob ng dalawang buwan ay sasalang sa lingguhang performance at elimination nights. There will be one *Rock Royalty* winner at iyon ang magiging representative ng bansa sa gaganaping showdown sa Sydney, Australia.

Lena still could not believe that Lewis was actually going to be performing onstage soon. Alam niyang magaling ito at bago pa man niya nakilala ay parte na ng buhay ng lalaki ang musika. He had

a band back in college kung saan isa ito sa nagtatag at main songwriter kasama ang kaibigan at first love nitong si Eugene.

Ngunit isang pangyayari kung saan involved ang lead singer ng banda na si Blaine, na isa nang sikat na international recording artist ngayon, ang naging dahilan upang mabuwag ang banda at gustuhin ng mga naiwang miyembro, lalo na sina Eugene at Lewis, na tuluyan nang kalimutan ang musika.

For years, Lena tried to make Lewis go back, even just to play a few songs for her because she loved hearing him sing. Sa umpisa ay madalas silang magtalo dahil doon, ngunit eventually ay pinagbibigyan na rin siya ng binata. Alam niya kung gaano kasakit ang nangyari rito noon.

Ngunit unti-unti ay nagawa niyang ibalik ang pagmamahal ni Lewis sa isang bagay na alam niyang hindi nito gustong pakawalan na lang.

She turned to him, her heart beating fast as she realized he was leaning close. “Fine. I think you shouldn’t worry. Dahil ikaw ang pinakaguwapo...” Hinaplos niya ang mukha nito. “Ang pinakamabango...” Suminghut-singhot siya. “At pinakamayaman sa lahat ng nandito.” Itinaas niya ang braso nitong suot ang isang *Breitling* watch.

He pursed his lips. She tried not to be so aware of it. “Yung pinakamagaling ang pipiliin nila.”

Umarko ang kilay ni Lena. “Do I really need to state the obvious? You’re a guitar whiz. Pati violin, piano at percussions ay kina-career mo. You sound really good. You can rock anything from Marvin Gaye to U2.” Pinisil niya ang pisngi nito. “Kayang-kaya mo ’yan! I’m sure papasa ka sa top ten.”

Gumalaw-galaw ang isang kilay ni Lewis. “Pustahan tayo?”

Umungol ang dalaga. Kasali sa di-mabilang na trip nilang magkaibigan ang magpustahan sa kung anu-ano. “Fine. What’s at stake?”

“Pag nakasali ako sa top ten, you will be with me every performance and elimination night. Bawal um-absent.”

Ilang segundong tiningnan niya ito. Kung kailan naman pinaplano niyang simulan na ang pag-iwas sa binata sa susunod na mga buwan! Nag-iisip na nga siya ng excuse kung paano makakawala sa arawang routine nila. “Okay, game.”

“Uyy, napipilitan.”

“Game na nga eh!” giit niya. “Yun lang?”

“Pag nakasali naman ako sa top three, I get to make a wish,” he grinned.

Itinirik ni Lena ang kanyang mga mata. Kabisado na niya ang mga kalokohang wish nito. Baka utusan na naman siyang mag-tumbling sa connecting bridge ng *Greenbelt 3 and 4*, magpagulung-gulong sa *UP Sunken Garden* o umubos ng limang balut in one sitting dahil sasabihin nitong matagal na raw nitong pangarap ang makitang gawin niya iyon.

At palagi naman siyang nagpapauto. Nakakaganti rin kasi siya kay Lewis. “All right.”

Tumaas ang kilay nito. “All right? Hindi ka man lang magdududa kung ano ba ang wish na iyon?”

“Knowing you, Lewis, tiyak na extreme challenge na naman ’yon.” Umingos si Lena. “So, I assume may prize ka din dapat pag nanalo ka?”

“Siyempre. Another wish,” he smiled mischievously.

“I knew it!” Napailing siya bago ikinuyom ang kamao at itinaas iyon. “Deal?”

“Deal!” He bumped her fist with his. Inakbayan siya nito at hinagkan sa sentido. “Pray for me,” he whispered.

“Of course, Lewis. Always,” sagot niya habang minamasdan ang binata na patayo na dala ang gitara nito.

Inihatid ng tingin ni Lena ang kaibigan nang magtungo na ito sa direksyon ng backstage. The lights temporarily went off then, before it came on again with the emcee announcing that the final five contenders would be onstage soon.

Pangatlo sa umakyat sa stage si Lewis, na kaagad sinalubong ng cheers ng kababaihang kaagad nagpairita kay Lena. Napabuga siya ng hangin. Inggit lang siya sa mga ito na kayang hayagang magpakita ng paghanga sa best friend niya, samantalang siya ay palaging pabiro.

Napailing siya at itinutok ang tingin sa stage. Lewis was looking right at her, a smile on his face as he held his twelve-string acoustic guitar. Dama niya ang pag-iinit ng mga pisngi. Sinubukan niyang mag-relax pero mahirap.

Lewis did his version of a Johnny Cash classic called *Jackson*. It was fun, upbeat and whimsical. Sakto lang na naipakita ng kantang iyon ang galing ng binata sa paggigitara at ang magandang boses nito. Halata na walang ibang may alam ng kinanta nito dahil si Lena lang yata ang sumasabay, ngunit nang

matapos ay sinalubong pa rin ang lalaki ng malakas na palakpakan at sigawan.

Hindi na ito muling nagbalik sa tabi niya pagkatapos. Minutes after the last performance, the contenders were called back onstage for the announcement of the top ten finalists.

Halos hindi humihinga ang dalaga habang tinatawag ang bawat pangalan. Parang siya ang kasali gayong si Lewis ay mukhang relaxed lang sa kinatatayuan nito at nakikipagtawanan pa sa katabi. Tinawag ang katabi nito bilang isa sa top ten, and that's when Lewis looked her way, one brow raised.

She raised a shaky thumbs-up sign, hoped that the smile she gave him looked encouraging enough. The emcee was down to the last name, and she felt like she was going to pass out anytime.

Halos hindi na narinig ni Lena nang tawagin ang pangalan ng best friend niya dahil sa lakas ng sigawan. Nakita na lang niya nang humakbang ito upang samahan ang mga kapwa finalists. Hindi siya makapaniwala.

Napatayo siya, hindi alam kung matutuwa para sa kaibigan o maiiyak dahil hindi pa pala niya mauumpisahang lumayo rito. Still, she could feel

With Each Song - Sachi Bliss

tears stinging her eyes as she looked at him, smiling happily at her.

Pasintabi muna sa puso niyang tatlong taon nang naghihirap. Postpone muna ang plano niyang pamamaalam.

2

“Ayan na ang rock royalty! All rise!”

Takang nagkatinginan sina Lena at Lewis nang sa pagpasok sa *Cielito's* ay salubungin sila ng palakpakan, sigawan at confetti na inihagis ng mga kapitbahay nila sa *Brighton* na gaya nila ay tradisyon na ring magtanghalian sa casual dining place na iyon tuwing Linggo. Ang may-ari ng *Brighton* na si Connor din ang sole proprietor at chef ng naturang restaurant at siya ngayong may hawak ng bote ng champagne. Ang pinsan naman nitong si Conrad ang nag-announce ng pagdating nila.

How the hell did these people find out about *Rock Royalty*? Hindi pa nga nila iyon napag-uusapan ni Lewis dahil mas na-excite sila sa unang performance night kung saan mga kanta ng bandang *U2* ang theme. Lewis chose the song *Elevation*.

Ibinigay na rin sa mga contestants ang magiging theme sa susunod pang anim na linggo upang maipasa na nila sa mga producers ng show at para walang magkagayahan. That was what kept them up the whole night at the veranda where they discussed which songs he would perform.

Hindi pa rin nila maiwasang magtaka; paano nalaman ng mga taong nasa *Cielito's* ang tungkol doon?

“It’s in three major broadsheets today, with matching pictures pa. Ang guwapo mo, Lewis!” hitsurang rabid fangirl na sabi ni Sharleen, sabay wagayway ng pahina kung saan naroon ang feature tungkol sa talent search.

Kaagad namang nagliwanag ang mukha ni Lewis at kinuha ang dyaryo. Sharleen kissed him on both cheeks, prompting the guy to say: “Parang winner na ang pakiramdam ko, ah.”

“Uy, Lewis. Walang malisya ’yon ha. Wala lang akong pambili ng wine o cake o panlibre ng lechon para sa iyo, kaya kiss na lang.” Tumingin ang babae sa gawi ni Lena at napatango lang siya.

“Bakit pareho kayong mukhang puyat, ha?” tanong naman ni Conrad. “Magkasama ba kayong nag-celebrate kagabi at... you know, nag-celebrate?”

“Yan ang tanong na puno naman ng malisya,” nakangising sabi ni Connor, dahilan upang magtawanan ang lahat.

Lena just made a face. Sanay na sila sa ganoong biruan ng mga kaibigan at kapitbahay. Ngumiti lamang

si Lewis habang siya ang kadalasang nagbibigay ng statement, na kabisado na rin ng mga ito at minsan ay sinasabayan pa siya kapag sinasabi niya.

“Hey, OA ’yan, ha! Alam n’yo namang hindi kami talo,” nailing na umpisa niya.

“At hindi ninyo type ang isa’t isa.”

“At magkakagiyera kapag naging kayo.”

“At best friends lang talaga kayong dalawa forever and ever, amen!”

Iyon ang sunud-sunod na dugtong ng makukulit na kaibigan nila, na tinapos ni Conrad sa: “Mga echosero kayo!”

“Seriously, guys. Hintayin n’yo lang dahil nag-umpisa na ang pustahan dito,” dagdag pa ni Sydney.

“Na by the end of the *Rock Royalty* search, kung hindi man kayo magkatapatan, eh, tiyak na may magbabago na sa inyong dalawa,” makahulugang sabi ni Sharleen.

“You guys are crazy. Tantanan n’yo ’yang bet na ’yan at nagsasayang lang kayo ng oras at pera.” Nailing na naupo na sila ni Lewis sa usual na puwesto nila, which was right in the middle of the main hall, three tables away from the stage.

With Each Song - Sachi Bliss

Kaagad may naglagay ng isang basket ng assorted bread and pastries at isang tea set sa mesa nila. It was Connor. “On the house. Pati ’yung lunch n’yo mamaya, sagot ng mga excited na stage friends n’yo,” anitong nakangisi.

“Aba, Lewis, magsalita ka naman! Kanina ka pa tahimik. Wala ka sa harap ng camera, kaya bawal ang pa-mysterious rocker chenez mo,” puna ni Conrad na sinang-ayunan ng lahat.

Kaagad na may kumuha ng microphone at iniabot iyon kay Lewis. May humila rin dito sa mababang stage kung saan naghihintay si Sharleen at tila pinapipili ang binata between a Telecaster and a twelve-string acoustic guitar.

“This is weird,” naiiling na umpisa nito habang ibinabalik ang microphone sa stand. “Alam naman siguro ng iba sa inyo na hindi na rin bago sa akin ito. Music used to be part of my life in college at nawala lang dahil...” Bumuntong-hininga ito. “Dahil may iba akong dapat pagtuunan ng pansin.

“But someone insisted that I get back to it.” Nakaarko ang kilay na tumingin ito sa gawi niya. “To the point of bugging me almost every night to play and sing for her dahil hindi raw siya makakatulog kapag hindi ko ginawa.”

“And that, my friends, is the reason why Lewis never had a girlfriend all these years. Binabakuran na pala nang bongga,” natatawang sabi ni Conrad, dahilan upang mamula si Lena.

Sumunod pa ang kanyaw ng iba.

“Uy, hindi naman,” nangingiting saway ni Lewis. “Wala lang talagang time, o opportunity at kung meron, basted naman ako.” Tumingin ito sa gawi ni Sharleen, na natawa lang. “Anyway, I didn’t want to get back to music dahil sa tingin ko, marami nang nagbago at kulang na rin ako sa practice. But that someone was adamant, and I eventually gave in. The rest is history,” he smiled.

Matamang nakatingin lang si Lena sa kaibigan. May kakaibang kislap sa mga mata nito habang nagsasalita, na parang sa mga sandaling iyon ay tanggap na talaga ni Lewis na sa susunod na mga linggo ay nakatakda ngang magbago rin ang buhay nito. And he was even excited about it.

Hindi siya sigurado kung ganoon din ang nararamdaman niya. Ngunit masaya siya para sa binata dahil kahit papaano ay makakatulong ang talent search na iyon upang sa wakas ay maka-recover na rin ito sa sakit at pait na dala ng naging karanasan nito dati. *Rock Royalty* will be his vindication, whether

he wins the title or not.

Humiling ng sample ang mga kaibigan nila, na pinagbigyan naman ni Lewis. Kinuha nito ang twelve-string acoustic guitar mula kay Sharleen at may sinabi sa babae. Nakita niyang nag-strap din ng gitara ang babae.

“Pa-request ng kanta!” sigaw ng isa sa mga naroon.

“Sing what you’re feeling right now!” hirit ng isa pa.

“Para kay Lena!”

Gusto nang maglaho ng dalaga sa kinauupuan. Wala namang sinabi si Lewis. Basta na lang itong nagsimulang mag-strum sa gitara habang may sinasabi kay Sharleen.

Pagkatapos ay nagsimula nang tumugtog ang mga ito. Natahimik ang lahat. The intro was familiar. Then he began to sing a song she never thought she’d ever hear from him.

It was a lovely duet, and he did not look at anybody in particular when he sang. Ngunit nang si Sharleen na ang kumakanta ay nakangiting bumaling si Lewis sa babae, na makahulugan ang tingin dito.

With Each Song - Sachi Bliss

Lena bit her tongue. Hindi niya alam kung ano ang mararamdaman, lalo at napapansin niyang panay ang sulyap sa kanya ng ibang naroon.

Lucky I'm in love with my best friend... lucky to be coming home again...

She dared not think it means something.

Alas cuatro ng hapon at kabababa lang ni Lena sa lobby. Doon ang tagpuan nila ni Lewis sa halip na sunduin siya nito sa unit niya. Unang linggo ng performance night ng *Rock Royalty* at sa loob ng tatlong taon nila bilang magkapitbahay sa *Brighton*, unang linggo rin na hindi sila nagkita araw-araw.

Nakipagsabwatan siya sa mga kaopisina, sa receptionist at sa HR nila na sakaling mag-check si Lewis ay sabihin ng mga itong kung hindi may ilang pagbabago sa schedule ay kung anu-anong trabaho naman ang na-assign sa kanya. May ilang araw na ring panay ang tanggap niya ng dinner invitations mula sa mga kaklase noong high school at college. Sa halip na ang regular na pakikipagkita every other week ay lumabas din si Lena kasama ang mga pinsan niya.

Bihira niyang makita si Lewis dahil naging

abala ito para sa tapings ng promo plugs, pictorials at interviews nito para sa *Rock Royalty* na siyang pinupuntahan nito after office hours. Gayunpaman ay sinisiguro nitong alam niya lagi ang schedule nito at ilang beses pa ngang niyaya siyang samahan ito. Lahat ay tinanggihan niya at ikinatwirang may nauna na siyang dapat puntahan.

“I was beginning to think you would back out on this, too.”

Napasinghap ang dalaga nang sa paghakbang palabas ng elevator ay nakita niyang nag-aabang sa tapat niyon si Lewis. He looked wary, ngunit sa pagdating niya ay unti-unting umaliwalas ang guwapong mukha nito.

God, she missed him! She missed those soulful amber eyes, those thick slanty brows that arch in question or whenever he was teasing her, his full lips that she struggled not to look at all the time, the straight nose she liked to pinch when he was being too darn adorable... all set in an angular face with cheekbones to die for, na hinahawakan niya ng magkabilang kamay at pinanggigigilan sa tuwing kunwa ay magtatampo ito.

“I’m sorry, tinanghali kasi ako ng gising ’tapos naglaba pa ako. Hindi na ako nag-text kasi may

usapan naman na tayo.” Kumakabog ang dibdib na lumapit si Lena sa kausap. Dama niya ang pag-iinit ng mga pisngi. Mataman kasing nakatingin si Lewis sa kanya. Hindi ito natitinag sa kinatatayuan.

“Dalawang beses lang yata tayong nagkasabay sa pagpasok at pauwi this past week, twice lang din tayong sabay na nag-breakfast at dinner,” nangungunot ang noong sabi nito. “Can you really blame me if I am missing you so much now? At nag-aalala rin na hindi mo ako masasamahan?”

Hindi gusto ni Lena kapag nagsasalita ng ganoon ang lalaki. Kung paanong nami-miss siya nito, na nag-aalala itong hindi siya tumupad sa usapan. Kasabay kasi ng lungkot sa boses ay ang tingin na parang hindi talaga kakayanin ng binata na wala siya sa tabi nito.

“Lewis naman, eto na nga ako, o!” Inabot niya ang mukha nito upang hawakan gamit ang dalawang kamay. “Huwag ka nang magtampo. Alam mo namang ayoko rin na naiistorbo ang paglalaba o paglilinis ko ng bahay, di ba? Ayoko namang tarayan ka sa tawag o text.” She leaned close, her hands slid and wrapped around his neck. Lalong nagwala ang puso niyang hindi na yata masasanay sa tuwing magiging ganito sila kalapit. “Smile na, please?”

Ilang sandaling tila pinag-isipan ng binata ang

mga sinabi niya bago ipinaikot ang braso sa kanyang likod at niyakap siya nang mahigpit. Halos mapapikit siya. She could feel almost every inch of him, hard and hot against her. Lewis looked down at her with those intense eyes and that ghost of a smile on his lips.

Hindi alam ni Lena kung paano niya kinakaya ang ganitong mga eksena nila.

“Bitin ’yang smile mo pero puwede na rin,” naiiling na sabi niya bago marahang kumalas sa pagkakayakap nito. “Tara na at baka ma-late tayo. May final run through ka pa with the band, di ba?”

Ayos na ang mood ni Lewis at nawala na ang pag-aalala nito habang nasa daan sila. Nang marating ang venue ay kaagad itong sumalang sa huling practice sa isang soundproof studio kasama ng banda. Paglabas ay sinamahan naman niya ito sa styling area.

Halos lahat ay may kani-kanyang stylist maliban kay Lewis na siya lang ang kasama. Tumaas ang kilay ng dalaga. “Ako ba ang stylist mo, Pare?”

Natawa ito. “I actually see no need for one. I mean, eto lang naman mismo ang suot ko.”

Dark denim jeans, itim na sneakers at snug fitting vintage shirt na may print ng 90s *Nicktoon* characters na sina Ren and Stimpy ang suot nito. May dala lang

na coal grey structured jacket ang lalaki sakaling di payagan ng main stylist ng programa ang suot nito. His only accessory was his trusty *Breitling* watch.

“Yabang!” pang-aasar niya bago mabilis na iginala ang tingin sa paligid. “Porque ikaw ang pinakaguwapo dito, eh,” bulong niya na nagpahalakhak kay Lewis.

“What will I do without you, Lena? Kanina sa final rehearsal, ang tindi ng kaba ko pero ngayon...” Nangingiting minasdan siya nito. “Tonight’s song is for you.”

“Dapat lang!” Nakita niyang papalapit na sa kanila ang assistant director. “Oy, maiitsapuwera na ang mga stage friends.” Niyakap niya ito nang mahigpit pagkatapos ay hinagkan sa pisngi bago siya tuluyang lumayo. “Bawal kabahan. Kaya mo ’yan!” She gave a thumbs-up sign before stepping away.

Lewis just looked at her intently. “S’abi mo.” Mukhang atubili pa itong lumayo ngunit iginiya na ito ng ilang crew patungo sa holding room.

Si Lena naman ay dumerecho na sa naka-assign na puwesto ng mga kasamahan ng mga contestants sa harap ng stage, sa likod ng panel.

Ilang sandali pa ay napuno na ang venue, at nag-umpisa na ang programa.

With Each Song - Sachi Bliss

Rock Royalty is a fuss-free competition where a contestant who gets eliminated each week will be determined by the diverse five-person panel and a set of thirty ‘voters’ that varies every week. Randomly selected sa mga campuses, offices, media at kung saan-saan pang sektor ang mga iyon upang masigurong patas ang botohan na ibabase lang kung nami-meet talaga ng bawat contestant ang criteria.

It was also announced before the performances started that there would be no eliminations that week, ngunit dalawa ang matatanggal sa susunod na linggo. That elicited a sigh of relief from the supporters, kabilang na si Lena.

Si Lewis ang pinakahuling contestant na nag-perform. He was also the one who gave the most explosive and fun performance. Walang gaanong vocal calisthenics, walang anumang gimmick sa stage, just pure talent and love for what he was doing.

By the middle of the song, most members of the audience had already stood up and danced. There was a rousing applause when Lewis hit the final note in his guitar. At halos mamanhid ang mga kamay ni Lena sa pagpalakpak.

3

“Lewis? What are you doing here?”

Kaagad na tumayo si Lewis mula sa kinauupuang couch sa lobby ng *AU Solutions*, ang business process outsourcing o BPO company na pinagtatrabahuhan ni Lena. Saktong alas cinco na ng hapon at may limang minuto na rin siyang naghihintay roon.

“Sinusundo ka bago ka pa may matanguang ibang ka-dinner.” He kept his tone light and casual kahit ang totoo ay nagtatampo na siya dahil ilang araw na namang hindi ito sumasabay sa kanya sa pag-uwi. Nakakasabay man niya si Lena sa pagpasok sa umaga ay palagi naman nitong hawak ang cellphone at may kausap o kaya ay nagre-reply sa email. Humakbang siya palapit at hinawakan ang dalaga sa braso bago ito masuyong hinagkan sa pisngi. “I’ve missed you, you know.”

Napabuntong-hininga ito. “Nag-undertime ka?”

Tumango siya. “Yes,” he grinned. “Ikaw kasi, ang hirap mong hagilapin.”

“Eh, araw-araw naman tayong nagkikita. Busy lang talaga lately.” May pag-aatubiling minasdan siya

nito. “Lewis, I would really appreciate it if you texted or called before you went here.”

“What?” Nangunot ang noo niya.

Lumingon si Lena sa pinanggalingan nitong hallway kung saan palabas ang isang grupo ng mga katrabaho nito at ilang foreigners. “We’re actually about to go out with our Australian bosses. Kadarating lang kasi nila para sa bubuksang bagong office namin sa Cebu. May ilang pag-uusapan din kami over dinner,” apologetic na sabi nito.

Hindi makapaniwalang minasdan niya ang kaibigan. Ayaw niyang isipin na simula nang maging bahagi siya ng *Rock Royalty* ay umiiwas na ito sa kanya. Pero ano ba ang iisipin niya sa nangyayari sa kanila ngayon? Dalawang linggo nang sira ang routine nila.

“Okay, then,” nasabi na lang ni Lewis kahit hindi talaga okay sa narinig. “I’ll see you bright and early tomorrow?”

Napangiwi si Lena bago hinawakan siya sa braso at iginiya palabas ng opisina dahil nagsilabasan na rin ang mga kasama nito. “I have a flight to Cebu at seven in the morning, Lewis. Kailangan ako sa opening ng bagong office dahil hindi puwede ang

isang teammate ko.” Napailing ito. “Kanina ko lang din nalaman, eh, The company service will pick me up from *Brighton* tomorrow around four.”

“You’re going to Cebu? Huwebes na bukas, Lena. At may—”

“Makakabalik ako dito in time for the performance night, Lewis. By lunchtime this Sunday, nakabalik na ako.” Bahagya itong ngumiti.

Ilang segundong minasdan ito ng binata. Gusto niyang makiusap, makipag-bargain. Puwede ba siyang sumama sa dinner ngayon? Puwede bang siya na lang ang maghatid dito sa airport? “Puwede kitang sunduin sa airport this Sunday.”

Umiling ito at marahang hinila siya papasok sa bumukas na elevator. “No, Lewis. Ayokong pagurin ka pa bago ang show sa gabi. May service naman kami. Promise, hindi ako mawawala this Sunday. Hindi puwedeng hindi ko panoorin ang version mo ng *Lithium*.”

Patuloy na minasdan lang niya ang kaibigan. Ito yata ang isa sa bibihirang pagkakataon na hindi niya gaanong maramdaman ang sinseridad sa sinasabi nito. Parang pinaglulubag lang nito ang loob niya. Pero bakit? May itinatago ba ito? May galit ba ito sa

kanya?

“Are we okay, Lena?” hindi na napigilang tanong ng binata.

Umarko ang kilay nito. “Of course! Ikaw, ha, ang drama mo. Busy lang talaga kami ngayon at mukhang sinisingil na ako ng kompanya sa ilang beses na umiwas ako sa mga dinner meetings at field work. Ayoko namang mawalan ng trabaho, ’no!”

Muli siyang napabuntong-hininga. “Okay, hindi lang siguro ako sanay sa ganito na hindi kita madalas nakakasama.”

“OA ka! Paano kung nagka-boyfriend ako? O nagka-girlfriend ka?” Natatawang magaan na itinulak siya nito palabas ng elevator nang marating nila ang ground floor ng building kung saan di iilang tao ang nakakilala sa kanya bilang contestant sa *Rock Royalty* na ipinapalabas sa isang cable music channel.

“Naks! Ikaw na ang sikat!” nakangising sabi ni Lena bago siya tinapik sa braso. “Mauna na ako. Text-text na lang, ha. And see you this Sunday!” Kumaway ito bago tumalikod at sumama na sa mga colleagues nito.

Naiwan si Lewis na hindi pa rin makapaniwala sa nangyayari. Masyado yata siyang nasanay na sa

loob ng nakalipas na tatlong taon ay sa isa't isa lang umiikot ang buhay nila ni Lena. Maliban noong nakaraang taon na ilang beses din silang lumabas ni Sharleen, na nauwi rin naman sa wala dahil kapwa nila na-realize na walang patutunguhan ang pagde-date nila.

Pero ngayon lang nagsi-sink in sa kanya ang sinabi kanina ni Lena. Paano kung magka-boyfriend ito? God, he couldn't even imagine that! He would be devastated, for sure.

Paano raw kung magka-girlfriend siya? Unimaginable, too. Because he could not, for the life of him, even consider having any woman in his life other than Lena.

Halos hindi siya kinikibo ni Lewis simula nang puntahan niya sa unit nito hanggang ngayong nagda-drive na patungo sa *Newport Theatre* kung saan ginaganap ang lingguhang *Rock Royalty* nights.

“Uy, nagtatampo.” Pinisil ito ni Lena sa braso nang makababa na sila ng sasakyan.

“Hindi, ah,” tanggi nito, sabay sukbit ng gitara sa balikat.

“Then, bakit hindi mo ako kinakausap kanina pa? Ang alam ko hindi ka sanay na sobrang tahimik habang nasa daan, na kapag may kasama ka, gusto mo nag-uusap kayo. Bakit hindi mo ako kinakausap?” pangungulit pa niya. Gusto nga niyang unti-unti ay iwasan ito, pero hindi naman ganitong magkakaroon sila ng gap.

Napabuntong-hininga si Lewis. “Naninibago lang ako na ang dalang nating magkita these past two weeks. Iniisip ko kung may nagawa o nasabi ba ako at galit ka sa akin. I was waiting for you to tell me.”

Maang na tiningnan niya ang lalaki. Ganoon pa ang iniisip nito! If he only knew! “Don’t ever think that, Lewis. Toxic lang talaga ako at hindi gaya mong magaling mag-manage ng oras.”

“Naging toxic ka rin naman dati, pero hindi gaya nito na halos hindi na tayo nagkikita.”

“Naninibago ka lang dahil nasanay kang araw-araw ay magkasama tayo.” Napailing ang dalaga. “Hindi puwedeng ganoon lagi, Lewis. Paano kung kailangan kong umalis gaya ng pagpunta ko sa Cebu nitong nakaraang araw?”

Naningkit ang mga mata nito. “Last time you asked me what if you had a boyfriend. Ngayon naman

paano kung aalis ka.” Mataman siya nitong minasdan. “I wonder what else could be worse.”

“Hindi naman kasi maiiwasan iyon, Lewis. You know there’s always a possibility either could happen.”

Hindi na ito nakapagsalita. He looked bothered and sad as he kept his eyes on her. “Right.” Napatango ito. “I guess me wanting to be with you all the time is rather selfish, huh.”

Hindi naman, gusto ko nga, eh. Pero hanggang kailan, Lewis? What if you fall for someone? What if Eugene comes back?

“I’m sorry, Lena,” pagkuwa’y sabi ni Lewis, nakikiusap ang mga mata. “Kung sa tingin mo nasasakal ka o nare-restrict ko somehow ang buhay mo, please let me know. Ayoko namang dahil sa akin ay hindi mo magawa ang mga gusto mo.”

Umarko ang kilay niya. “What? Ang drama mo, Lewis! Hindi ’yun, ’no! Alam mo namang ikaw lang ang nagtitiyaga sa akin. Hindi ako nasasakal. And I do not feel restricted at all.”

“Baka kasi kaya hindi ka magka-boyfriend dahil sa akin,” dugtong pa nito, nangungunot na ang noo.

Hindi ako nagka-boyfriend dahil ikaw ang gusto ko! “Mataas lang ang standards ko.”

Ngumiti ito nang malungkot. “Ibaba mo nang konti, para pumasa ako.”

Ilang sandaling nakatingin lang siya rito. Joke ba iyon? But his eyes looked sad and imploring. “You’re crazy, Lewis.”

“Yeah, I know,” he sighed, then held her on both arms. “Just promise me one thing, Lena.”

Kinabahan siya. “What?”

He gazed at her for a few seconds, as if memorizing her face, before his eyes turned wary again. “Kung sakaling aalis ka, sabihin mo, please. Huwag mo naman akong biglain.”

“Lewis...” Hindi malaman ng dalaga kung ano ang sasabihin. May alam na ba ito? Pero bukod sa mga kaanak niya ay wala pa siyang nasasabihang iba tungkol sa pagpunta niya sa Canada.

“Let me know if you’re leaving, para mapaghandaan ko naman... o makahanap ng paraan para magbago ang isip mo.”

Napakurap siya. Ano ba ang pinagsasabi ng lalaking ito? Para ano pa? Para manatili siya sa bansa

at patuloy na pahirapan ng pagmamahal niyang kahit kailan ay hindi niya masasabi rito?

“You know what, ang drama mo na. Why don’t you head on to the studio and practice your song for the last time?” Marahang itinulak ito ni Lewis sa direksyon ng rehearsal studio. “Sige na at kailangan mo pang ma-perfect ang growl mo. Kailangan mukha kang may sapi habang kumakanta ng *Lithium* mamaya.”

Walang kibong sumunod na lang sa kanya ang binata habang siya ay dumerecho sa hanay ng vending machines at kumuha ng makakain dahil ayaw niyang isipin ang mga pinagsasabi nito. Ayaw niyang mag-assume. Lewis had always been a very straightforward and honest person at kung sakali mang may nararamdaman ito para sa kanya, dapat ay noon pa nito iyon sinabi.

Sana ay hindi na nito naisipan pang i-date ang babaeng kahawig ng first love nito. Lalo lang tuloy siyang naniwalang all these years ay hindi pa rin lubusang nakakalimutan ni Lewis si Eugene.

Anyway, there’s no way he can change anything now. Nakatanggap na siya ng email tungkol sa pre-departure seminar. Hindi na magbabago ang isip ni Lena. Not even Lewis can do anything about it.

Kaubos pa lang niya ng isang bote ng green tea nang lumabas ng studio ang lalaki. He now looked more relaxed as he approached her. Mahigpit siya nitong niyakap.

“Galingan mo,” sabi niya habang nakapaikot din dito ang kanyang braso. She buried her face on his chest, inhaling his clean, manly scent.

His gaze was intent as he gently pulled away. “Tonight’s song is for you, Lena,” he smiled before he completely let go of her.

“What! Ang kapal mo! Kanta ng mga baliw ang *Lithium*, ah!” Hinabol niya ito ng hampas sa braso.

Makahulugan ang ngiti ng binata. “Buti nga hindi *Basket Case* ang pinili ko.” Kumaway ito bago sumunod sa crew.

Dumerecho na ang dalaga sa designated area sa harap ng stage para sa mga gaya niyang kasama ng contestants.

Ilang sandali pa ay nag-umpisa na ang programa. Ang theme para sa gabing iyon ay 90s rock at mukhang pati styling ng mga naunang nag-perform na finalists ay inspired ng era na iyon. Samantalang si Lewis ay mukhang dignitary sa suot na powder blue long-sleeved button-down shirt at dark jeans, pero

Chucks ang sapatos at rainbow-striped pa ang sintas.

All the performances were great so far, at kinakabahan tuloy si Lena para kay Lewis. Lalo na at ang ikaanim na babaeng finalist ay *Lithium* din, ng bandang *Nirvana*, ang kinanta. It was also an amazing take on the song, the best so far for the night. Paano kaya iyon? Hindi ba at bawal nga ang parehong kanta?

Matapos ang isa pang magaling na performance ay si Lewis na ang masasalang. Nawala ang ilaw sa banda na nakita niyang umalis muna ng stage maliban sa violinist at cellist. Tumutok ang spotlight sa mga ito at kay Lewis na naupo sa isang stool dala ang twelve-string acoustic guitar.

Sandaling inayos nito ang microphone, ipinako ang tingin sa kanya bago sinabi, "*Lithium* will never be a song for you." He smiled faintly before he began playing.

He was about to sing her favorite song by *Nirvana*, *About A Girl*. Sa kabuuan ng kanta ay nakatingin lang ito sa kanya.